# Bitawan na

A Lord's Flock General Assembly Topic
By: Sis. Techie Rodriguez, Elder-Founder
Enero 22, 2022

Ilan sa atin marahil ang naguguluhan sa mga nangyayari sa ating buhay. Maaaring hindi tayo mapakali dahil wala tayong kakayahang kontrolin ang ating buhay, ang ating mga anak o ang ibang tao. Tulad ni Maria nakaranas din ng ganitong sitwasyon noong dumating ang anghel at sinabing siya ay magbubuntis at manganganak ng lalaki. Naguluhan siya at nabalisa dahil alam niyang imposible dahil wala siyang karelasyon. Ngunit winika niya "maganap nawa sa akin ang iyong sinabi"(Lk.1:26-38). Kagaya ni Maria, bitawan na natin ang lahat ng ating seguridad at hayaan ang Diyos ang maghari upang magkaroon tayo ng kapayapaan at buhay na walang hanggan.

**1. Sila ay sumuko at bumitaw.**

**1.1.** Sa Juan 12:3, ibinigay ni Maria ang napaka mahal niyang langis at ibinuhos sa paanan ni Hesus.

**1.2.** Sa 1Hari 19:19-21, ibinigay ni Elisha ang lahat at sumunod kay Elias. Ang resulta, ginantimpalaan siya ng dobleng pagpapala.

**1.3.** Ang apat na mangingisda ay iniwan ang kanilang lambat at bangka o hanapbuhay upang sumunod kay Hesus (Mateo 4:18-22).

**1.4.** Sa kwentong Alibughang Anak, ang bunsong anak ay tumalikod sa kanyang nakaraan at bumalik sa kanyang ama; iniwaksi ng panganay na anak ang kanyang sama ng loob (Lk.11-32).

**2. Nakaranas si Maria ng kabutihan ng Diyos at pagpapala noong binitawan niya ang kanyang mga pangarap sa buhay.**

**2.1. Si Maria ay nagkaroon ng pag-asa at pangarap**. Dalagita pa lamang siya noong nagpakita ang anghel sa kanya. Magpapakasal siya kay Jose at magkakaroon ng perpektong buhay, ngunit winika ng anghel na may ibang plano ang Diyos sa kaniya. Tulad din ni Maria, marami tayong mga pangarap sa buhay. Siguro ang iba nito ay hindi natupad at taliwas pa ang nangyari. Malinaw, na may ibang plano ang Diyos para sa atin.

**2.2. May mga pagpipilian si Maria**. Mamimili siya sa pagitan ng kanyang mga pangarap o ang tadhana ng Diyos. Magdedisisyon siya sa pagitan ng kanyang pangarap o sa plano ng Diyos para sa kanya. Hindi tayo pwedeng maglingkod sa dalawang Diyos. Mayroon tayong pagpipilian - ang masikip o ang maluwang na daan. Kailangang bitawan natin ang lahat nating plano kung may ipinagagawa ang Diyos at tiyak na tayo'y magtatagumpay (Kawikaan 16:1).

**3. Nagtiwala siya sa magandang layunin ng kanyang Ama.** Ang Diyos ay laging may layunin. Hinayaan ni Maria si Hesus noong nagpaiwan Siya sa templo (Lk.2:41). Kapag sumuko na tayo sa Diyos hindi na natin hawak ang ating buhay. Walang bahagyang pagsuko, dapat buo. Kapag hindi tayo sumusuko, hindi tayo nagtitiwala sa Diyos.

**4. Paano tayo bibitaw?**

**4.1.** Kailangang magkaroon tayo ng personal na relasyon kay Hesus. Lagi Siyang sumasaatin

**4.2.** Magdasal tayo. Kapag tayo ay nananalangin, idulog natin sa Diyos ang ating mga alalahanin (1Pt.5:7). Kayang-kaya ng Diyos na gawing maganda ang mga sitwasyong di maganda.

**4.3**. Kailangan nating isuko ang lahat sa Kanya - ang ating nakaraan, ating kasalanan, mga bagay na bumabagabag sa atin, at ating pangangailangan (Mateo 16:24-25). Batid ng ating Ama ang lahat ng ating kailangan. May gagawin Siya para sa atin.

**Konklusyon:**

Higit ang magagawa ng Diyos kung isusuko natin ang lahat kaysa gagawa tayo sa pamamagitan ng ating sariling kakayahan. Matutupad ang Kanyang mga layunin at plano para sa atin. Kung tayo ay susuko at hahayaan natin Siyang gamitin Niya tayo, ang Kanyang katapatan ay magpakailanman. Tunay na bibigyan Niya tayo ng masaganang buhay.

**Pagninilay:**

1.Naisuko mo na ba ang lahat sa Kanya - ang iyong oras, talino, at kayamanan?

2. May bumabagabag ba sa iyong puso (relasyon, kalusugan, takot, pighati at sakit) na maari mong isuko sa Diyos?

**Isinalin ni:** Sis. Thess P.Sarmiento
**Na-edit ni :** Sis Nida Cruz
**Inaprobahan ni:** Sis. Vera I. Tuplano
**For more teachings, visit our website:**
https://lordsflock.org/teachings/
Tags:#Pananampalataya#Pagsunod#Pagsuko